Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 8

Mga Pagbabagong naganap sa Europa sa Gitnang Panahon
Ikalawang Markahan – Ikapitong Linggo

Maricel S. Borja
Manunulat

M. Martha R. Ullero
Tagasuri

Maria Elena Araja
Katibayan ng Kalidad

Schools Division Office – Muntinlupa City
Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940

INAASAHAN

Sa nagdaang aralin, ikaw ay naging kabahagi sa pagtuklas ng pangyayaring nagbigay daan sa pag usbong ng Europa sa gitnang panahon. Sa modyul na ito, Inaasahan din sa bahagi ng talakayang ito na higit mong **maunawaan** at **masusuri** kung paano **nakaapekto ang mga panyayari ito sa Transisyunal na Panahon sa Paghubog at Pagbuo ng pagkakakilanlan ng isang bansa at rehiyon sa daigdig.**

UNANG PAGSUBOK

Panuto: Basahin at unawain ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

_____1. Sa krusadang ito matagumpay na nabawi ang Jerusalem, at naka pagtatag ng Estadong Krusador malapit sa Mediterranean.
a. Unang Krusada c. Ikatlong Krusada
b. Ikalawang Krusada d. Ikaapat na Krusada

_____2. Sa krusadang ito libong mga bata ang sumunod subalit nagkasakit At nasawi sa karagatan at ang iba ay ipinagbili bilang alipin.
a. Unang Krusada c. Ikatlong Krusada
b. Ikalawang Krusada d. Ikaapat na Krusada

_____3**.** Sa krusadang ito maraming balakid ang naranasan papunta sa silangan at ang pinakatagumpay nila ay ang pagsakop ng Damascus.
a. Unang Krusada c. Ikatlong Krusada
b. Ikalawang Krusada d. Ikaapat na Krusada

_____4. Inilunsad ang krusadang ito noong 1202 na nagdulot ng malaking iskandalo.
a. Unang Krusada c. Ikatlong Krusada
b. Ikalawang Krusada d. Ikaapat na Krusada

_____5. Ang mga _____ na kilala rin sa tawag na Normans ay nabigyan ng lupain sa bandang France kapalit ng pagtanggap nila ng Kristiyanismo. Sino ang mga barbarong ito?
a. Magyar c. Vikings
b. Muslim d. Turko

_____6. Ito ay isang banal na labanan ng mga relihiyosong Europeo na may layuning mabawi ang ang banal na pook ng Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim.
a. Piyudal c. Manor
b. Krusada d. Katoliko

_____7. Pinagbuklod buklod niya ang lahat ng mga Kristiyano sa buong Imperyo ng Rome
a. Constantine the great c. Papa Gregory I
b. Papa Urban II d. Charlemagne

_____8. Taon kung kailan napatalsik ang mga krusador sa Constantinople at naibalik ang Imperyong Byzantine
a. 1200 c. 1212
b. 1202 d. 1216

_____9. Iniukol niya ang kaniyang buong kakayahan at pagsisikap sa paglilingkod bilang pinuno ng lungsod at magawa niyang sumampalataya ang iba't ibang mga barbarong tribo.

a. Constantine the great
b. Papa Urban II
c. Papa Gregory I
d. Charlemagne

_____10. Isang pangkat ng mga pari na tumalikod sa makamundong pamumuhay at nanirahan sa mga monasteryo upang mamuhay sa panalangin at sariling disiplina

a. Obispo
b. Arsobispo
c. Krusador
d. Monghe

_____11. Ang pangyayaring naganap sa Europa na ang pagbabagong naidulot ay nagpalaganap ng komersyo at nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan.

a. Krusada
b. Simbahang Katoliko
c. Sistemang Piyudal at Manor
d. Pagunlad ng Bayan

_____12. Ano ang pangunahing layunin ng Krusada?

a. Mapalawak ang teritoryo ng mga Kristiyano
b. Mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim
c. Mapalawak ang kalakalan ng mga bansang Europeo
d. Mapalawak pa ang kapangyarihan ng simbahang Katoliko

_____13. Sa sistemang Piyudalismo sa panahong Medieval, ano ang pinakama halagang anyo ng kayamanan sa kontinente ng Europa?

a. Ginto at Pilak b. Salapi at Kayamanan c. Lupa d. Ari-arian

_____14. Panahon kung saan naganap ang transisyon at nagbigay daan sa pag-usbong ng Europe.

a. Medieval
b. Dark age
c. Renaissance
d. Age of Enlightenment

_____15. Ito ay hango sa salitang Latin na nangangahulugang "cross".

a. knight b. holy land c. crusade d. kristiyano

BALIK-TANAW

Sa mga nakaraang aralin, tinalakay ang mga pangyayaring naganap sa Europa sa Gitnang Panahon. Sa gawaing ito, ating tukuyin ang ilan sa mga ito.



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

WORLD OF CHANGE

Change is inevitable, karaniwan nang naririning ang ganitong kasabihan. Lahat ng bagay sa mundo ay dumadaan sa proseso ng pagbabago. Kahit ikaw, marami ka nang pinagdaan ding mga pagbabago mula noon hanggang sa kasalukuyan.

Kung iisipin, tao lang ba ang nagbabago o ang lahat ng bagay sa daigdig? Nais mo ba itong malaman?

Tara! Lakbayin natin ang mundo ng Karunungan!

WOC 1: Simbahang Katoliko

Marami ang dahilan ng paglakas ng kapangyarihan ng simbahang katoliko at kapapahan. Isa na rito ay ang pagbagsak ng Imperyong Roman noong 476 CE na halos naghari ng 600 taon ngunit bumagsak lamang sa kamay ng mga barbaro. Lumaganap din ang Kristiyanismo mula sa mga lungsod patungo sa mga lalawigan. Marami din ang mga naging pinuno ng simbahan na nakatulong sa pagpapalakas ng pundasyon nito. Kabilang dito sina:

Constantine the Great 	• Pinagbuklod-buklod niya ang lahat ng mga Kristiyano sa buong imperyo ng Rome at ang Konseho ng Nicea na kaniyang tinawag. • Pinalakas ni Constantine ang kapapahan sa pamamagitan ng Konseho ng Constantinople. Sa kapulungang ito, pinag-uri-uri ng mga Obispo ang iba't ibang malalaking lungsod sa buong imperyo. Gayundin, pinili ang Rome bilang pangunahing diyosesis at dahil dito, kinilala ang Obispo ng Rome bilang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katoliko Romano.
Papa Gregcry I http://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/9/97/Francisco_de_Zurbar%C3%A1n_040.jpg	• Iniukol niya ang kaniyang buong kakayahan at pagsisikap sa paglilingkod bilang pinuno ng lungsod at patnubay ng Simbahan sa buong kanlurang Europe. • Natamo ni Papa Gregory I ang sukdulan ng tagumpay nang magawa niyang sumampalataya ang iba't ibang mga barbarong tribo at lumaganap ang Kristiyanismo sa malalayong lugar sa kanlurang Europe. Dahil dito, nagpadala siya ng mga misyonero sa iba't ibang bansa na hindi pa sumasampalatay sa Simbahang Katoliko. Buong tagumpay na nagpalaganap ng kapangyarihan ng Papa ang mga misyonerong ito nang sumampalataya sa Kristiyanismo ang England, Ireland, Scotland, at Germany.

Isa rin sa nakatulong sa pagpapalakas ng simbahang katoliko ay ang mga Monghe. Sila ay isang pangkat ng mga pari na tumalikod sa makamundong pamumuhay at nanirahan sa mga monasteryo. Sa pamamagitan nila nagawang pag-ingatan ang mga aklatan na napapangalagaan sa kasalukuyan. Sa panahong ito nakapagbalangkas ang simbahan ng isang sistema ng mga batas at nagtatag ng sariling hukuman sa paglilitis at ang pinakamahalaga ay ang pagpapalaganap ng kristiyanismo sa utos ng mga Papa sa ibat ibang dako ng Kanlurang Europe.

WOC 2: Ang Iba pang Krusada

Ang **Krusada** ay isang ekspedisyong militar na inilunsad ng Kristiyanong Europeo dahil sa panawagan ni Pope Urban II noong 1095. Ito ay isang banal na labanan ng mga relihiyosong Europeo na may layuning mabawi ang banal na pook ng Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim.

Unang Krusada	Ang unang Krusada ay binuo ng mga 3000 kabalyero at 12000 na mandirigma sa pamumuno ng Prinsipe at mga Pranses na nabibilang sa "nobility". Matagumpay na nabawi ng grupong ito ang Jerusalem noong 1099 at nagtatag sila ng Estadong Krusador malapit sa Mediterranean. Sa pagsalakay nila sa Jerusalem, maraming Muslim ang napatay, pati na ang mga Hudyo at Kristyano. Nanatili sila ng mga limampung taon sa Jerusalem ngunit sinalakay din sila ng mga Muslim.
Ikalawang Krusada	Sa paghihikayat ni St. Bernard ng Clairvaux, sinamahan siya nina Haring Luis VII ng France at Emperor Conrad III ng Germany. Maraming balakid na naranasan ang grupong ito sa pagpunta sa Silangan at ang pinakatagumpay nila ay ang pagsakop ng Damascus. Hindi pa man sila nakalayo sa pinanggalingang Europe, nalunod na si Frederick samantala, si Philip ay bumalik sa France dulot ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan nila ni Richard. Nagpatuloy si Richard hanggang sa nagkasagupaan sila ni Saladin, ang pinuno ng mga Turko. Sa kahuli-hulihan, nagkasundo silang itigil ang labanan. Sa loob ng tatlong taon ang mga Kristiyano ay malayang nakapaglakbay sa Jerusalem. Binigyan pa sila ng maliit na lupain malapit sa baybayin.
Ikatlong Krusada	Noong 1212, isang 12 taong gulang na French ang pangalan ay Stephen ay naniwala na siya ay tinawag na Kristo na mamuno ng krusada. Libong mga bata ang sumunod sa kanya ngunit karamihan sa kanila ay nagkasakit, nasawi sa karagatan at ang iba ay ipinagbili bilang alipin sa Alexandria.
Ikaapat na Krusada	Ang ikaapat na Krusada na inilunsad noong 1202 ay naging isang iskandalo. Ang mga krusador ay ibinuyo ng mga mangangalakal ng Venetra na Kristiyanong bayan ng Zara. Nagalit ang Papa sa ginawa nilang ito kaya sila ay idineklarang "excomunicado". Nagpatuloy sa pandarambong ang mga krusador hanggang sa Constantinople kung saan nagtayo sila ng sariling pamahalaan. Noong 1261, sila ay napatalsik sa Constantinople at naibalik ang imperyong Byzantine. Ang huling kuta ng mga Kristiyano sa Arce ay napasakamay ng mga Muslim at ito ay naging simula ng paghina ng Krusada.

Resulta ng Krusada

Ang magandang naidulot ng Krusada ay kalakalan. Napalaganap ang komersyo at ito ay nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan. Ang kulturang Kristiyano ay napayaman din. Sa kabilang panig, ang krusada ay naglantad ng tunay na mga layunin ng mga sumama sa gawaing ito. Hindi pagmamalasakit sa simbahan ang naging dahilan sa pagsama sa banal na laban na ito kundi ang pagkakataong makapaglakbay at mangalakal.

WOC 3: Sistemang Piyudal at Manor

Ang Piyudalismo sa Gitnang Panahon ay nag-ugat sa paghahati-hati ng Banal na Imperyo ni Charlemagne batay sa kasunduan sa Verdum. Mahihinang tagapamahala ang mga tagapagmana ni Charlemagne kaya ang mga opisyal ng pamahalaan at mga may-ari ng lupain ay humiwalay sa pamumuno ng hari. Naibangon muli ang mga lokal na pamahalaan na ngayon ay pinatatakbo ng mga maharlikha katulad ng mga konde at duke. Sa sitwasyong ito pumasok ang mga barbarong Viking, Magyar, at Muslim. Sinalakay nila ang iba't ibang panig ng

Europa lalo na sa bandang France. Ang mga Viking na kilala rin sa tawag na Normans ay nabigyan ng lupain sa bandang France kapalit ng pagtanggap nila ng Kristiyanismo. Ang lupaing napasakanila ay kilala ngayon sa tawag na Normandy. Ang madalas na pagsalakay na ito ng mga barbaro ay nagbigay ligalig sa mga mamamayan ng Europe. Dahil dito, hinangad ng lahat ang pagkakaroon ng proteksiyon kaya naitatag ang sistemang Piyudalismo.

Samantala, ang sistemang manor ang sentro ng lipunan at ekonomiya ng mga tao na nakatira dito. Sa sistemang Manor, tungkulin ng isang panginoong may lupa na bigyan ng pabahay, lupang sakahan, at proteksyon ang mga nakatira sa manor. Ang sistemang ito ay nagbunga ng mabuti at di mabuting epekto pagdating sa usaping politikal at ekonomiko. Una, nalinang nito at napakinabangan ang mga nakatiwangwang na mga lupain. Pangalawa, lumaki ang agwat ng mga mayayaman sa mahihirap.

GAWAIN

Gawain: PKP (Pangyayari-Kontribusyon-Patunay)
Panuto: Isulat sa kahon ang pangyayaring naganap sa Europe sa Gitnang Panahon. Isulat ang mga kontribusyon o pagbabagong naganap dito at patunayan kung paano nakaapekto ang pagbabagong ito upang umunlad at makilala ang Europe.



TANDAAN

- Marami ang dahilan ng paglakas ng kapangyarihan ng simbahang katoliko at kapapahan. Sa panahong ito nakapagbalangkas ang simbahan ng isang sistema ng mga batas at nagtatag ng sariling hukuman sa paglilitis at ang pinakamahalaga ay ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa utos ng mga Papa sa ibat ibang dako ng Kanlurang Europe.
- Kung mayroon mang magandang naidulot ang Krusada, ito ay sa larangan ng kalakalan. Napalaganap ang komersyo at ito ay nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan. Ang kulturang Kristiyano ay napayaman din. Sa kabilang panig, ang krusada ay naglantad ng tunay na mga layunin ng mga sumama sa gawaing ito. Hindi pagmamalasakit sasimbahan ang naging dahilan sapagsama sa banal na laban na ito kundi ang pagkakataong makapaglakbay at mangalakal.
- Ang sistemang piyudal at manor ay parehong nagbunga ng mabuti at di mabuting epekto pagdating sa usaping politikal at ekonomiko. Una, nalinang nito at napakinabangan ang mga nakatiwangwang na mga lupain. Pangalawa, lumaki ang agwat ng mga mayayaman sa mahihirap.

PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Gawain: 3-2-1 Chart

Panuto: Ibigay ang hinihinging impormasyon ayon sa iyong binasang teksto. Isulat sa patlang ng bawat numero na nakapaloob sa chart ang iyong kasagutan.

3	Konspeto o Kaalaman na Aking Natutuhan 1. _____ _____ 2. _____ _____ 3. _____ _____
2	Konsepto o Kaalaman na hindi ko gaanong naunawaan 1. _____ _____ 2. _____ _____
1	Tanong na nais ko pang mabigyan ng linaw 1. _____ _____

PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

Panuto: Basahin at unawain ang mga pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Sa krusadang ito matagumpay na nabawi ang Jerusalem, at nakapag tatag ng Estadong Krusador malapit sa Mediterranean.

a. Unang Krusada
b. Ikalawang Krusada
c. Ikatlong Krusada
d. Ikaapat na Krusada

2. Taon kung kailan napatalsik ang mga krusador sa Constantinople at naibalik ang imperyong Byzantine.

a. 1200
b. 1202
c. 1212
d. 1216

3. Ito ay isang banal na labanan ng mga relihiyosong Europeo na may layuning mabawi ang ang banal na pook ng Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim.

a. Piyudal
b. Krusada
c. Manor
d. Katoliko

4. Sa krusadang ito libong mga bata ang sumunod subalit nagkasakit at nasawi sa karagatan at ang iba ay ipinagbili bilang alipin.

a. Unang Krusada
b. Ikalawang Krusada
c. Ikatlong Krusada
d. Ikaapat na Krusada

5. Iniukol niya ang kaniyang buong kakayahan at pagsisikap sa paglilingkod bilang pinuno ng lungsod at magawa niyang sumampalataya ang iba't ibang mga barbarong tribo.

a. Constantine the great
b. Papa Urban II
c. Papa Gregory I
d. Charlemagne

6. Sa krusadang ito, maraming balakid ang naranasan papunta sa silangan at ang pinakatagumpay nila ay ang pagsakop ng Damascus.

a. Unang Krusada
b. Ikalawang Krusada
c. Ikatlong Krusada
d. Ikaapat na Krusada

7. Ano ang pangunahing layunin ng Krusada?

a. mapalawak ang teritoryo ng mga Kristiyano
b. mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim
c. mapalawak ang kalakalan ng mga bansang Europeo
d. mapalawak pa ang kapangyarihan ng simbahang Katoliko

8. Inilunsad ang krusadang ito noong 1202 na nagdulot ng malaking iskandalo.

a. Unang Krusada
b. Ikalawang Krusada
c. Ikatlong Krusada
d. Ikaapat na Krusada

9. Ang mga _____ na kilala rin sa tawag na Normans ay nabigyan ng lupain sa bandang France kapalit ng pagtanggap nila ng Kristiyanismo. Sino ang mga barbarong ito?

a. Magyar
b. Muslim
c. Vikings
d. Turko

10. Pinagbuklod buklod niya ang lahat ng mga Kristiyano sa buong Imperyo ng Rome.

a. Constantine the great
b. Papa Urban II
c. Papa Gregory I
d. Charlemagne

11. Ang pangyayaring naganap sa Europa na ang pagbabagong naidulot ay nagpalaganap ng komersyo at nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan.

a. Krusada
b. Simbahang Katoliko
c. Sistemang Piyudal at Manor
d. Pagunlad ng Bayan

12. Isang pangkat ng mga pari na tumalikod sa makamundong pamumuhay at nanirahan sa mga monasteryo upang mamuhay sa panalangin at sariling disiplina

a. Obispo
b. Arsobispo
c. Krusador
d. Monghe

13. Sa sistemang Piyudalismo sa panahong Medieval, ano ang pinakamahalagang anyo ng kayamanan sa kontinente ng Europa?

a. Ginto at Pilak b. Salapi at Kayamanan c. Lupa d. Ari-arian

14. Panahon kung saan naganap ang transisyon at nagbigay daan sa pag-usbong ng Europe.

a. Medieval
b. Dark age
c. Renaissance
d. Age of Enlightenment

15. Ito ay hango sa salitang Latin na nangangahulugang “cross”.

a. knight b. holy land c. crusade d. kristiyano

Sanggunian

A. Aklat

*Modyul Ng Mag-aaral
Araling Panlipunan 8, Kasaysayan ng Daigdig
Pahina 224-259
Elisio D. Malanay Jr., Kasaysayan ng Daigdig

Kasaysayan ng Daigdig
Pahina 176-178
Mark Alvin M. Cruz, Mark Andrew F. Fietas, Michael M. Mercado

Kabihasnang Daigdig Kasaysayan at Kultura
Pahina 156-171
Grace Estela C. Mateo, Ph.D., Celestina P. Boncan, Ph.D., Celinia E. Balonso, Ph.D., Rosita C. Tadena, Ph.D., Mary Dorothy dl. Jose, John N. Ponsaran, Jerome A. Ong

Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat sa Araling Panlilpunan, Ikatlong Taon nina Mateo, et al., pahina 195

B. Module

EASE Module 9, Sistemang Piyudal sa Gitnang Panahon sa Europa

C. Website

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/5/5c/1099jerusalem.jpg

https://crusaderhistory.files.wordpress.com/2016/07/second-crusade-1.jpg?w=550&h=443

https://www.ancient.eu/img/c/p/1200x627/9120.jpg?v=1535354229

https://www.ancient.eu/img/c/p/1200x627/9165.jpg?v=1535697242

https://lh3.googleusercontent.com/proxy/dplzVdlDLL0OFS30JrNM22RajVsahfTQcbAM2GsJZBHIjBBTQAOuknwGzqC2KuuFtY9C1zMs5itfqKodehuhN3KgO42xDTfGP01iltRuBGZKEXR97cdK2e1J6Dc

http://factsanddetails.com/archives/003/201902/5c560ec1778c9.jpg

Susi sa Pagwawasto

Piyudalismo at Manoryalismo - Una, Nalimang nito at napakinabangan ang mga nakatiwangwang na mga lupain Pangalawa, Lumaki ang agwat ng mga mayayaman sa mahihirap.

Holy Empire - higit pang napalawak ang mga lupain

Pagkakas ng Simbahang Katolikko - sistema ng mga batas

Pagpapakita ng Aralin:

Balik Tanaw: Pagkakas ng Simbahang Katolikko , Holy Empire , piyudalismo at Manoryalismo , Pagunlad ng bayan

Unang Pagsubok

1.A 2.C 3.B 4.D 5.C 6.B 7.A 8.D 9.C 10.D 11.C 12.B 13.C 14.A 15.C

Pangwakas na gawain

1.A 2.D 3.B 4.C 5.C 6.B 7.B 8.D 9.C 10.A 11.C 12.D 13.C 14.A 15.C